



Kailan ako dapat tumawag sa healthcare provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) ng bagong silang na sanggol?

Dapat mong kontakin ang health care provider ng iyong bagong silang na sanggol kung siya ay mayroon ng alinman sa mga sumusunod na sintomas ng COVID-19:

- Lagnat na nasa 100 °F (37,8 °C) o mas mataas pa
- Nahihirapang gumising,
- Labis na nanghihina para umiyak o sumuso
- Pagkasumpungin o pagka-irita
- Nahihirapang huminga, na katulad ng:
 - Mas mabilis na paghinga gaya ng mahigit 60 paghinga kada minuto¹
 - Paghilab ng tiyan (stomach sucking) na mas madalas kapag humihinga
 - Pagkahilat ng balat sa palibot ng tadyang (ribs) at buto ng kwelyo (collar bone) sa bawat paghinga
 - Pagbuka ng butas ng ilong
 - Taas-baba ang ulo sa bawat paghinga
 - Maingay na paghinga, gaya ng humuhuning paghinga o pag-ungol
 - Paglayo sa suso o sinususong botelya para huminga
- Mga pagbabago sa balat, gaya ng:
 - Namamawis o nanlalamig at mamasa-masang balat
 - Patse-patse, maputla, o nangingitim
- Tumutulong sipon
- Ubo
- Pagsusuka
- Pagtatae
- Mahinang pagsuso
- Mga palatandahan ng pagkaubos ng tubig sa katawan, gaya ng:
 - Nanunuyong mga labi at bibig
 - Hindi gaanong umihi (mas kaunti sa 4 hanggang 6 na beses sa loob ng 24 na oras)
 - Nanlalalim na mga mata

Ang listahang ito ay hindi naglalaman ng lahat ng posibleng sintomas. Mangyaring makipag-ugnay sa iyong medical provider (medikal na tagapagkaloob ng pangangalaga) para sa anumang iba pang mga sintomas na malubha o nagbibigay sa iyo ng pag-aalala.

Kailan ako dapat tumawag sa 911 para sa aking bagong silang na sanggol?

Ang iyong anak na sanggol ay mangangailangan ng medikal na tulong sa lalong madaling panahon kung mayroon silang ALINMAN sa mga sumusunod na sintomas:

- Tumigil sila sa paghinga ng 15 segundo o mas matagal pa.
- Labis silang nahihirapang huminga, gaya ng pasinghap-singhap na paghinga.
- Nangingitim ang kanilang balat, na lalong kapansin-pansin sa palibot ng mga labi, kuko, at gilagid. Maaaring hindi ito nakikita sa mga mas maitim ang kulay ng balat, kaya't lalong subaybayan ang paghinga at pagkilos ng iyong anak.
- Hindi mo magising ang iyong anak na sanggol.
- Sila ay nangingisay o kinukumbulsyon.

Kung tatawag ka sa 911, sabihin sa operator na naghahanap ka ng pangangalaga sa iyong anak sa sanggol o anak na mayroon o maaaring mayroong COVID-19.

¹Paano mahahanap ang antas ng paghinga ng iyong anak: Kapag natutulog ang iyong anak na sanggol, bilangan kung ilang beses tumataas at bumababa ang kanilang tiyan sa loob ng 30 segundo. Ang isang pagtaas at pagbaba ay katumbas ng isang paghinga. Doblehin ang bilang na iyon at makakakuha ka ng antas ng paghinga kada minuto. Kapag ang iyong anak ay nahihirapang huminga, maaaring maging mas mabilis ang kanilang paghinga.



ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY PUBLIC HEALTH DEPARTMENT

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org